


Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

ICT-Modyul 1:
Nais Mo Bang Maging Maunlad at
Mahusay na Entrepreneur?
(Entreprenyur)



**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan- Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
ICT– Modyul 1: Nais Mo Bang Maging Maunlad at Mahusay na
Entrepreneur? (Entreprenyur)
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Marivic B. Abawag

Editor: Jelly M. Flores

Tagasuri: Filip P. Cañas

Tagaguhit: Fatima Preciousa T. Cabug

Tagalapat: Fatima Preciousa T. Cabug

Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad

Francisco B. Bulalacao Jr.

Grace U. Rabelas

Ma. Leilani R. Lorico

Lita T. Mijares

Salvador T. Pelingon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Mobile Phone: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

ICT– Modyul 1:

**Nais Mo Bang Maging Maunlad
at Mahusay na Entrepreneur?
(Entreprenyur)**

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Nais mo bang maging maunlad at mahusay na Entrepreneur? (Entrepreneur)?**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhatan 4** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Nais mo bang maging maunlad at mahusay na Entrepreneur? (Entrepreneur)?**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!




Alamin


Sa modyul na ito ay inaasahang matutunan ang mga sumusunod:

- Naipaliliwanag ang kahulugan at kahalagahan ng *entrepreneurship*;
- natatalakay ang mga katangian ng isang *entrepreneur* ;
- natutukoy ang mga naging matagumpay na *entrepreneur* sa pamayanan, bansa, at sa ibang bansa; at
- natatalakay ang iba't ibang uri ng negosyo.





Subukin

A. Lagyan ng tsek ang column na may  kung sumasang-ayon


ka at column na may  kung hindi ka sumasang-ayon.

Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Sitwasyon		
1. Maingat na kinikilo ni Aling Pacita ang karne ng manok at sinisigurong tama ito bago ibigay sa mamimili.		
2. Nag-aalaga ng manok at baboy si Mang Nestor upang may mapagkunan ng pagkain para sa kanyang pamilya at ang sobra ay kanyang ipinagbibili.		

3.Mabilis na uunlad ang pamilyang tulong-tulong sa pagpapatakbo ng negosyo.		
4.Hindi kailangang pagplanuhan ang negosyong papasukin.		
5.Kailangan ang sipag at tiyaga upang umunlad ang negosyo.		

B. Isulat sa loob ng talutot ng bulaklak ang mga produkto tulad pagkain at kagamitan sa pag-aaral na madalas mong bilhin (6-10). Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Aralin
1

**Nais Mo Bang Maging
Maunlad at Mahusay na
Entrepreneur(Entreprenyur)?**

Ano ang entrepreneurship? Ito ba ay makakatulong sa pag-unlad ng pamilyang Pilipino? Ano ba ang dapat isaalang-alang sa pagnenegosyo? Ano ang mga katangian ng isang maunlad at mahusay na negosyante?

Sa modyul na ito malalaman natin ang mundo ng pagnenegosyo at makikilala ang mga taong matagumpay sa larangan nito at ang kanilang mga taglay na katangian.

Ang mga ito ay maaaring makatulong sa iyo upang ikaw ay maging isang ganap na negosyante sa darating na panahon.



Balikan

Naalala mo pa ba noong inutusan ka ng iyong nanay na bumili ng mga gulay na kinailangan niya sa nilutong Pochero? Ano-ano ba ang mga bagay na isinaalang-alang mo sa pamimili? Itala ang iyong mga sagot sa iyong sagutang papel.

1. _____

2. _____

3. _____



Tuklasin

Masdan ang larawan sa ibaba.



- Nakapunta ka na ba sa ganitong lugar? Ano ang tawag dito?
- Ano-ano ang mga bagay na nakikita mo sa larawan?



Suriin

Halina at tayo'y magbasa.

Si Aling Marta ay isang matagumpay na negosyante. Siya ang nagmamay-ari ng malaking *grocery* sa ating lugar. Bilang negosyante, may sinusunod siyang mga paraan sa pagbebenta ng mga produkto.

Halika at alamin natin ang mga ito.

- Itlog ng manok, itik, at pugo ipinagbibili ng por dosena
 - ✓ Pinagbubukod-bukod ayon sa laki
 - ✓ Inilalagay sa basket o *tray*
 - ✓ Maaaring ipagbili ng lansakan kung marami
- Gatas
 - ✓ Pinakukuluan bago ilagay sa malinis na bote
 - ✓ Kailangang walang mikrobyo ang gatas
 - ✓ Ipinagbibili ng nakabote
- Karne ng baka ipinagbibili ng por kilo
 - ✓ Maari ding ipagbiling buhay
 - ✓ Iniluluwas sa pamilihing bayan
 - ✓ Ang baka ay ipinagbibili nang kumpol kung maramihan
 - ✓ Ang karne ay inilalagay sa palamigan upang manatiling sariwa
- Pamamahala ng Produkto
 - ✓ Maaaring ipagbili kung sobra
 - ✓ Pangasiwaan nang wasto at maayos
 - ✓ Panatilihing mahusay at mataas ang uri ng produkto
 - ✓ Alamin ang pangkasalukuyang presyo
- Pag-iingat sa ipinagbibiling produkto
 - ✓ Husto ang timbang
 - ✓ Nabayaran ng tamang buwis
 - ✓ Walang sakit
 - ✓ Nasusuri ng inspektor pangkalusugan

- Ano ang maaaring itawag natin kay Aling Marta? Ano ang ibig sabihin ng entrepreneur?

Ang entrepreneur ay isang indibidwal na nagsasaayos, nangangasiwa, at nakikipagsapalaran sa isang negosyo. Ang salitang entrepreneur ay hango sa salitang French na ang ibig sabihin ay negosyante.

- Ano naman ang ibig sabihin ng entrepreneurship?

Ang kahulugan ng entrepreneurship ay tumutukoy sa kakayahan at kagustuhan ng isang tao na magsimula ng isang negosyo. Ang ibang salita para dito ay negosyo o pagnenegosyo, hanap-buhay o paghahanapbuhay. Ang entrepreneurship ay hindi lamang mahalaga para sa negosyo mismo. Ito ay may malaking papel sa ekonomiya ng isang bansa. Lumilikha ito ng bagong trabaho. Ito ay nagdudulot din ng paglago ng ekonomiya.



Pagyamanin

May alam ka na ba sa pagnenegosyo? Halika at payamanin pa natin.

Suriin ang mga sumusunod na larawan.

- ✓ Mayroon bang ganitong negosyo sa inyong pamayanan?
- ✓ Anong uri ng negosyo ba ang ipinapakita sa bawat larawan? Anong uri ng serbisyo ang ibinibigay nito? Mayroon bang ganitong negosyo sa inyong pamayanan?
- ✓ Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Uri ng Negosyo	Ano-anong serbisyo ang inaalok?
	<p>1.</p> 
	<p>2.</p> 
	<p>3.</p> 

Magaling at alam mo na ang mga ipinakitang uri ng negosyo at serbisyong ibinigay ng mga negosyo sa larawan.



Isaisip

Hanapin sa *puzzle* ang mga sagot sa mga katanungan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

e	i	o	m	a	t	a	p	a	t
n	b	v	c	n	m	k	l	j	h
t	d	f	h	y	t	e	r	e	o
r	f	t	y	i	o	l	p	w	q
e	c	v	b	h	n	j	k	i	s
p	b	i	c	v	r	t	u	q	x
r	z	s	n	m	h	g	y	t	x
e	x	a	h	g	k	l	o	i	u
n	e	g	o	s	y	o	s	t	r
e	c	w	h	u	i	y	j	e	r
u	c	a	y	u	i	t	m	n	w
r	b	g	k	a	p	i	t	a	l
s	e	r	f	x	z	b	y	t	u
h	v	y	t	g	h	u	i	o	p
i	b	n	m	y	h	k	l	s	q
n	e	g	o	s	y	a	n	t	e

1. Ang salitang entrepreneur ay hango sa salitang French na ang ibig sabihin ay _____.
2. Ang _____ ay ang kakayahan ng isang indibidwal na mabatid ang mga kalakal at serbisyo na kailangan.
3. Ang isang _____ ay isang indibidwal na nagsasaayos, nangangasiwa, at nakikipagsapalaran sa isang negosyo.
4. Ang isang negosyante ay kinakailangang maging _____.
5. Ang puhunan o _____ ay kailangan ng isang entrepreneur.



Isagawa

Gumawa ng pagsasaliksik tungkol sa mga taong nagsimula sa isang maliit na negosyo at umasenso dahil sa kanilang tiyaga at pagpupursigi. Maaaring nagmumula sa iyong pamayanan, sa bansa, at maging sa ibang bansa.

Kopyahin ang Talahanayan sa ibaba para sa iyong pagsasaliksik. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

Pangalan ng Negosyo	Pangalan ng May-ari	Uri ng Negosyo	Mga Katangiang Taglay ng Negosyante o Entrepreneur

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Paano nakatulong ang kanilang taglay na katangian sa pag-asenso ng kanilang negosyo?
2. Kung ikaw ay papasok sa pagnenegosyo, ano ang pinakamahalagang katangian ang dapat na taglay mo? Bakit?



Tayahin

A. Isulat ang **T** kung tama ang sinasabi sa pangungusap at **M** kung mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Ang negosyo ay dapat walang *personal touch*, basta nasisilbihan ang mga mamimili.

- _____2. Lahat ng mamimili ay dapat komportable at nasisiyahan sa serbisyo.
- _____3. Kailangang serbisyong mabilis at nasa tamang oras.
- _____4. Ang serbisyong matapat ay di kailangan sa negosyo.
- _____5. Kailangang makipagsapalaran sa pagnenegosyo.

B. Ano-ano ang mga katangian ng isang entreprenyur?
Magbigay ng lima (5). Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Magaling na bata at iyong naintindihan ang ating aralin.
Binabati kita!



Karagdagang Gawain

Isa sa mga katangian ng isang bansang maunlad ang pagkakaroon ng mga entreprenyur.

Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na mag negosyo, anong negosyo ang papasukin mo at bakit?

Maaaring iguhit ito sa loob ng kahon at sumulat ng 3-5 pangungusap tungkol dito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Magiging gabay mo ang *rubric* na matatagpuan sa susunod na pahina.

(15 puntos)

Rubric sa Paggawa

	5	4	3
Nilalaman	Naisusulat ang napiling negosyo ng walang pagaalinlangan	Naisusulat ang napiling negosyo ng may kaunting pagaalinlangan	Naisusulat ang napiling negosyo ngunit may pag aalinlangan
Pagkamalikhain	Naiguguhit ng maayos ang napiling negosyo at naipakikita ng may kumpletong detalye.	Naiguguhit ng hindi gaanong maayos ang napiling negosyo at may hindi gaanong kumpletong mga detalye	Naiguguhit ngunit hindi tapos at nagpapakita ng hindi kumpletong mga detalye
Kalinisan	Nakaguguhit at nakasusulat ng 3-5 pangungusap ng malinis at gumagamit ng tamang bantas.	Nakaguguhit at nakasusulat ng 3-4 na pangungusap ng malinis at gumagamit ng tamang bantas.	Nakaguguhit at nakasusulat ng 2-3 na pangungusap ng di-gaanong malinis at gumamit ng di wastong mga bantas.



Susi sa Pagwawasto

Payamanin	
1.	Ang unang larawan ay negosyo na tinatawag na restaurant at nagbibigay ng serbisyo sa mga mamamayan sa paghahatid ng masasarap na pagkain. (Ang sagot na malapit dito ay maaaring tangapin ng guro).
2.	Ang ikalawang larawan ay negosyo na tinatawag na parlor at nagbibigay ng serbisyong pagpapaganda, paggupit at iba pa sa mga mamamayan.
3.	Ang pangatlong larawan ay isang sastre. Ito ay isang negosyo

Sanggunian

Samadan, E. F., et, al. (2015). *Edukasyong pantahanan at pangkabuhayan kagamitan ng mag-aaral*. Pasig City: Vibal Group, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph